MAHALAGANG PAUNAWA

Para sa mga indibidwal na hindi nakatira sa sambahayang nag-iisang magulang (mga sambahayang hindi nakatanggap ng espesyal na benepisyo para sa nag-iisang magulang)

Espesyal na Benepisyo Tulong Pangkabuhayan para sa mga Sambahayang may mga Anak

Ipinapakilala ang **espesyal na benepisyo** para sa mga sambahayang may mga anak!

1. Mga kwalipikadong indibidwal

Ang mga indibidwal na nakaabot sa kinakailangan (1) o (2) sa ibaba
(* Hindi kasama ang mga indibidwal na nakatanggap na ng Benepisyo para sa mga Pamilyang Nag-iisang Magulang)

(1) Mga indibidwal na **kwalipikado para sa Espesyal na Benepisyo Tulong Pangkabuhayan para sa mga Sambahayang may mga Anak sa 2022 (benepisyo noong nakaraang taon)**
(Mga indibidwal na tumanggap o tumanggi sa benepisyo noong nakaraang taon, kahit na hindi kinakailangan ang aplikasyon)

(2)
- Magulang/tagapag-alaga na nagpapalaki **ng anak/mga anak na wala pang 18 taong gulang*** (o may kapansanang anak/mga anak **na wala pang 20 taong gulang**) hanggang Marso 31, 2023, at
- Mga indibidwal na ang kita ay biglang nagbago mula Enero 1, 2023, at ang kanilang kita ay **nasa parehong antas tulad ng mga hindi sakop sa pagbuwis ng residente**

(* Ang kwalipikasyon ay limitado sa mga sambahayang may mga sanggol, atbp. naipanganak noon o bago Pebrero 29, 2024)

2. Halaga ng benepisyo

50,000 yen bawat bata

- Ang aplikasyon ay maaari o maaaring hindi na kailangan para makatanggap ng tulong. Suriin ang pamamaraan para sa pagtanggap ng benepisyo sa likurang bahagi para sa karagdagang impormasyon.

  * Tawagan ang numero sa ibaba para sa anumang mga katanungan.

Panawagang Sentro ng Ahensya para sa mga Bata at Pamilya
(Oras: 9:00 n.u. – 6:00 n.g., lunes-biyernes)

0120-400-903

Makipag-ugnay sa opisina ng inyong lokal na munisipyo na namamahala sa Espesyal na Benepisyo Tulong Pangkabuhayan para sa may mga Anak (Sambahayang Hindi Nag-iisang Magulang) para sa karagdagang impormasyon kung paano mag-aplay.

令和５年度子育て世帯生活支援特別給付金 で検索

3. Pamamaraan para sa pagtanggap ng benepisyo

I. Mga indibidwal na kwalipikado para sa 2022 Espesyal na Benepisyo Tulong Pangkabuhayan para sa Sambahayang Mababa ang Kita na may mga Anak (Mga Sambahayang may Mababang Kita na Hindi Nag-iisang Magulang na may mga Anak)

- **Walang aplikasyon na kinakailangan** para makatanggap ng benepisyo.
- Ang inyong lokal na munisipalidad ay direktang ililipat ang benepisyo sa akawnt na tinukoy para sa 2022 Espesyal na Benepisyo Tulong Pangkabuhayan para sa Sambahayang may mga Anak (bilang halimbawa, ang akawnt kung saan ideni-deposito ang Tulong Pinansyal ng Anak o Tulong Pinansyal sa Pagpapalaki ng Anak na may kapansanan noong Abril 2022) sa lalong madaling panahon.

[Tandaan]

*Ang mga indibidwal na ayaw tumanggap ng benepisyo ay dapat magsumite ng abiso ng pagtanggi sa kanilang lokal na munisipalidad.

* Kung may posibilidad na ang bayad ng benepisyo ay hindi naiproseso ng tama, sa kadahilanang ang tinukoy na akawnt para sa 2022 Espesyal na Benepisyo Tulong Pangkabuhayan para sa Sambahayang may Mababang Kita na may Anak ay sarado na, seguraduhing baguhin ang tinukoy na akawnt o gumawa ng iba pang pag-iingat kung kinakailangan.

II. Mga indibidwal maliban sa nabanggit (Hal: Mga indibidwal na may biglaang pagbabago sa kita)

- **May aplikasyon na kinakailangan** para makatanggap ng benepisyo.
- Punan ang porm ng aplikasyon—kabilang ang impormasyon ng iyong akawnt ng bangko—at isumite ito kasama ng mga kinakailangang dokumento nang **direkta sa opisina ng inyong lokal na munisipyo** o **sa koreo**.
- Ang mga aplikasyon ay susuriin at ang benepisyo ay ide-deposito sa tinukoy na akawnt para sa mga aplikanteng nakaabot sa kinakailangang mga kondisyon.



Pakisuyong maging maingat sa **posibleng mga panlilinlang sa paglipat ng pera sa bangko at mga panlilinlang sa personal na impormasyon** may kaugnay sa Espesyal na Benepisyo sa Tulong Pangkabuhayan para sa Sambahayang may mga Anak.

Makipag-ugnay sa opisina ng inyong lokal na munisipyo, sa pinakamalapit na istasyon ng pulisya, o sa dedikadong Linya ng Konsultasyon sa Pulisya (#9110) kung nakatanggap ka ng kahina-hinalang tawag sa telepono o sulat sa koreo o sa iyong lugar na pinagtatrabahoan mula sa sinumang nagpapanggap na empleyado ng pamahalaang panlalawigan o munisipalidad o kinatawan ng Ahensya para sa mga Bata at Pamilya.